

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinagpatuloy ng Lungsod ng Brampton ang pagdiriwang sa komunidad nito na binubuo ng iba-ibang kasapi sa panahon ng COVID-19 sa Hunyo

BRAMPTON, ON (Hunyo 1, 2020) – Umaangkop ang Lungsod ng Brampton sa mga epekto ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagkilala sa mga kultural na pagdiriwang online, kabilang ang Buwan ng Pamana sa Hunyo at ang Araw ng mga Katutubong Tao sa Bansa sa Hunyo 21.

Buwan ng Pamana sa Hunyo

Ang Hunyo ay ipinroklamang Buwan ng Panama ng Pilipino, Buwan ng Pamana ng Italyano, at Buwan ng Pamana ng Portuguese sa Brampton. Ang bawat isa sa mga komunidad na ito ay pararangalan kasama ang espesyal na mga video message mula kay Mayor Patrick Brown at mga Konsehal sa taon na ito. Ang mga video ay pwedeng makikita sa [YouTube](#) ng Lungsod at sa mga channel ng social media sa buong buwan.

Noong 2019, inilunsad ng Lungsod ang Programa sa Pagkilala ng Komunidad para paralangalan ang pagkakaiba-iba ng mga tao sa Brampton. Kahit na hindi posible ang personal na mga pagdiriwang ng mga grupo, hinihikayat ng Lungsod ang lahat na samantalain itong pagkakataon na magdiwang at alamin ang tungkol sa Pagkakaiba-iba ng mga tao sa komunidad ng Brampton.

Ipagdiwang ang Araw ng mga Katutubong Tao sa Bansa – online!

Sumali sa mga pagdiriwang ng Araw ng mga Katutubong Tao sa Bansa online sa Hunyo 21 sa pamamagitan ng pagsali sa mga aktibidad ng mga bata, pagluluto ng mga tradisyonal na resipe, at panonood ng video kabilang ang: pambukas na pagdarasal, mga pahayag mula kay Mayor Brown, isang presentasyon mula sa Katutubong scholar na si Jesse Thistle, tradisyonal na mga performance, musika mula sa Twin Flames band, at panapos na pagdarasal. Ang digital na event na ito ay inorganisa sa pakikipagtulungan sa Indigenous Network.

Ang pagdiriwang ay makikita online sa www.brampton.ca/NIPD.

Kikilalanin ng Lungsod ng Brampton at ng Peel Pride ang Pride sa Hulyo. Ang mga detalye ng pagdiriwang na ito ay ilalabas sa mga darating na linggo.

Mga Quote

“Hinihikayat ko ang lahat na matuto tungkol sa ibang mga kultura at malaman ang maraming komunidad na bumubuo sa ating lungsod na binubuo ng iba-ibang mga tao. Kahit na hindi natin hino-host nang personal ang mga pagdiriwang sa taon na ito, alamin ang pagkakaiba-iba

ng mga tao sa Brampton sa mga pagdiriwang na ipinapakita namin online, at tiyakin na panatilihin ang paglayo mula sa iba!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kinikilala ng Lungsod ng Brampton na ang ating pagkakaiba-iba ay ang isa sa ating pinakamatinding lakas. Ang mga tao ang nasa puso ng lahat ng ginagawa natin bilang isang Lungsod, na kinabibilangan ng pagtiyak na patuloy nating pinapasali at sinusupportahan ang iba-ibang mga miyembro na bumubuo sa ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca